

Handa na ba ang iyong tahanan at ari-arian sa klima?

Ihanda ang iyong tahanan at bakuran para sa **tagtuyot**



Kapag binuksan natin ang gripo sa Calgary, maaaring ang pakiramdam ay parang ang ating lungsod ay palaging may masaganang panustos ng tubig. Sa katotohanan, ang ating panustos ng tubig ay may hangganan at lalong nasa ilalim ng presyon. Ang Calgary ay umaasa lamang sa Bow at Elbow na mga pagbuhos ng tubig [watershed] para sa ating pinagmumulan ng tubig, na nahaharap sa mga stress tulad ng pagbabago ng klima at paglaki ng populasyon. Ang Calgary ay makakaranas ng mas mainit, mas tuyo at mas mahabang tag-init, ibig sabihin na ang mga kondisyon ng tagtuyot ay maaaring maging mas karaniwan at laganap.

Sa pagtingin sa hinaharap, lahat tayo ay may bahaging dapat gampanan sa matalinong paggamit ng tubig. Ang paggawa ng kahusayan sa tubig bilang isang paraan ng pamumuhay ay makakatulong sa tagtuyot na hindi gaanong nakakagambala sa ating mga tahanan at mga negosyo. Nasa ibaba ang ilang mga aksyon na makakatulong sa iyo na lumikha ng isang tahanan at bakuran na episyente sa tubig na inihanda para sa mga kondisyon ng tagtuyot.

Maging YardSmart

Gumawa ng bakuran na akma para sa klima ng Calgary:



Obserbahan ang pagkakatayad sa araw at paagusan ng tubig upang pumili ng mga halaman para sa mga natatanging kondisyon ng iyong bakuran.



Isaalang-alang ang pag-alis ng damuhan kung saan mo magagawa at palitan ng mga tagtuyot na magparayang hardin at mga panakip sa lupa.



Magdagdag ng patungan na hindi bababa sa dalawampung sentimetro (8 pulgada) ng magandang kalidad na lupa para sa isang malusog na hardin o damuhan na nagpapanatili ng tubig.




Pumili ng mga katutubo o pangmatagalang halaman at mga damo na magparaya sa tagtuyot, at matitigas na puno at mga palumpong na umuunlad sa Calgary.



Magdagdag ng malts sa paligid ng mga puno at mga palumpong upang mapanatili ang kahalumigmigan at panatilihin ang isang pantay na temperatura ng lupa.

Gumamit ng tubig sa labas nang episyente hangga't maaari:



Panoorin ang pagtataya at laktawan ang pagdidilig kapag umulan o inaasahang uulan.



Tubigan kapag ito ay pinakamalamig – maaga sa umaga o mamaya sa gabi.



Tubigan ng mababa at mabagal – gumamit ng nakababad na gomang pandilig, kagamitang pandilig o sistema ng patubig ng patak para sa iyong hardin.



Kunin at gamitin ang libreng tubig-ulan na nakolekta sa (mga) bariles pang-ulan.



Bigyan lamang ang mga halaman ng tubig na kailangan nila. Basahin ang mga etiketa ng halaman upang malaman kung gaano kadami ang pagdidilig sa iyong hardin.

Iba pang mga aksyon na nagtitipid ng tubig sa labas:



Ang mga sistema ng patubig ay isa sa mga pinakakaraniwang pagtagas ng sambahayan. Mag-iskedyul ng taunang pagpapanatili sa isang propesyonal sa patubig at suriin nang madalas kung may mga tagas.



Huwag tabasin ang iyong damuhan nang masyadong maikli. Panatilihin itong 5 hanggang 7 sentimetro (2 hanggang 3 pulgada) ang taas upang ililim ang lupa.



Walisin ang iyong bangketa at daanan ng sasakyan sa halip na hugasan gamit ang tubig.



Gumamit ng pampahabang tubong paagusan upang idirekta ang tubig palayo sa matitigas na ibabaw at sa mga paysahe na lugar ng iyong ari-arian, gaya ng mga pang-ulan na hardin.



Patuyuin ang iyong sistema ng irigasyon bago ito magyelo sa Taglagas.

Alam mo ba, ang paggamit ng tubig sa mga komunidad ng Calgary ay tumataas ng karaniwang 20 porsyento sa mga buwan ng tag-init? Sa mainit at tuyo na panahon, ang mga taga-Calgarian ay madalas na gumamit ng mas maraming tubig sa labas na maaaring magdulot ng presyon sa ating mga ilog at mga planta sa paggamot ng tubig.

Gumamit ng tubig nang matalino sa loob ng bahay

Iwasan ang maaksayang mga tulo sa sambahayan:




Suriin ang iyong mga banyo kung may mga tulo sa pamamagitan ng paglalagay ng ilang patak ng pangkulay ng pagkain sa tangke. Kung ang tubig sa mangkok ay nagbabago ng kulay pagkatapos ng 15 minuto mayroon kang tulo.



Gamitin ang iyong metro ng tubig upang suriin ang iba pang mga tulo sa loob ng iyong tahanan tuwing anim na buwan bilang bahagi ng regular na pagpapanatili ng tahanan.



Ayusin ang anumang tumutulo na mga banyo, mga gripo, mga showerhead, at anumang iba pang mga aparato na gumagamit ng tubig.



Serbisyuhan nang regular ang iyong kahulumigmigang pugon, pampalambot ng tubig at tangke ng mainit na tubig.



Kung mayroon kang mga plano sa paglalakbay, pag-isipang hilingin sa isang tao na tingnan ang iyong tahanan habang wala ka.

Maglagay ng mataas na episyenteng mga kasangkapan at mga naakabit na kasangkapan:



Maglagay ng mga banyo at gripo na may mataas na episyente.



Palitan ang mga dutsa ng mga modelong mababa ang daloy.



Maglagay ng 3.8 litro kada minutong gripong aerator sa lahat ng gripo ng lababo sa banyo.



Palitan ang iyong lumang dishwasher sa mababang gamit ng tubig na dishwasher. Makakatipid din ang mga bagong modelo sa iyong bayarin sa enerhiya.



Palitan ang iyong lumang washer ng mababang gamit ng tubig na washer. Pag-isipang bumili ng washer na nasa harap ang paglagay ng labahin. Gumagamit sila ng hindi bababa sa 50% na mas kaunting tubig kaysa sa mga mas lumang modelo na nasa ibabaw ag paglagay ng labahin.

Iba pang mga aksyon na nagtitipid ng tubig sa loob ng bahay:



Maligo ng panandalian. Ang limang minutong shower na may lumang showerhead ay maaaring madaling gumamit ng 75 litro ng tubig.



Punan ang batya hanggang sa kalahati lamang kapag naliligo ang mga bata.



Gamitin lamang ang iyong dishwasher kapag puno na ang kargada mo o patakbuhan ito sa mas maikling siklo kung kailangan mong patakbuhan ito kapag hindi ganap na puno.



Labhan lamang ang buong laman ng labahin. Itakda ang antas ng tubig nang naaangkop kung kailangan mong maghugas ng kaunting labahin.



Ilagay ang mga gulay at prutas sa isang bahagyang punong lababo o palayok, pagkatapos ay banlawan ang mga ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa panloob at panlabas na episyente sa tubig bisitahin ang calgary.ca/waterguide



Tingnan ang calgary.ca/climatereadyhome upang matuto nang higit pa tungkol sa pagbabawas ng panganib sa pagbabago ng klima sa bahay.

Inihanda sa pakikipagtulungan sa:

INTACT CENTRE
ON CLIMATE ADAPTATION

UNIVERSITY OF WATERLOO